**Pamagat**: Naririnig Mo ba ang Tinig ng Panginoon?

**Teksto**: "Behold, I stand at the door, and knock: if any man hear my voice, and open the door, I will come in to him, and will sup with him, and he with me." (Rev. 3:20)

> Pagsasalin: Masdan, Ako'y nakatayo sa may pintuan, and kumakatok: kapag narinig ng sinuman ang aking tinig, at buksan ang pinto, ako'y papasok sa kanya, at kakaing kasalo niya, at siya'y kasalo ko. (Pahayag 3:20)

**Panimula**:

1. Ang texto natin ay ang ikapito at pinakahuling mensahe na ibinigay ng Panginoon sa mga pitong simbahan o iglesiya na matatagpuan sa Asia Minor (modern day Turkey). Ang mensahe para sa iglesia ng Laodecia ay pinakasolemne at pinakamatinding pagsalitaan sa mga iglesia.
2. Ang iglesiya ng Laodecia ay napakaprestihiyoso at mayaman na kongregasyon, pero sila ay nakatanggap ng mahigpit na pangangaral dahil sa kanilang pagiging maligamgam.
3. Walang papuri o parangal galing sa Panginoon ang mababasa, kundi ang tinig ng Diyos na tumatawag sa kanila na sila ay magsisi, at kung sakali na sila ay magsisi, sila ay maaaring maligtas.
4. "Behold" – Masdan, Masdang-maigi. Pagbuthin nating ang pagsusuring ito. Bigyang pansin. Ano ang dapat nating masdan, o bigyang pansin? "Ako'y nakatayo sa may pintuan." Ang Panginoong Jesus ang dapat nating masdan, bapat nating bigyan pansin.

**I. Sino ang Kumakatok?**

1. Sino siya?: Diyos (Jn. 1:1), kasama ng Diyos (Jn. 1:1), Anak ng Diyos (Mateo 3:17), Siya ang ikalawang persona ng Santisima Trinidad (1 Juan 5:7). Siya ang Panginoon (Pahayag 17:14). Siya ang Tagapagligtas ng mga makasalanang tao (Lucas 2:11) at Cristo ng Diyos (Lucas 2:11).
2. Nakakamakhang pag-ibig na lumalapit sa atin ang Panginoong Jesus. Iniwan niya ang kalulwalhatian ng langit para iligtas tayo sa kapamakan ng impyerno.

**II. Ano ang Ginagawa Niya?**

1. Ano ang ginagawa niya?: Kumakatok siya. Ito po ay larawan ng kanyang imbitasyon, at pagbabala.
2. Hanggang ngayon kumakatok ang Panginoon.
3. Ganito po kalapit ang kaligtasan, ganito po kasimple ang pagiging ligtas.

**III. Ano itong Pintuan?**

1. Sa texto natin, itong pintuan ay ukol sa katapusan ng mundo.
2. Pero, maari nating gamitin ito na larawan ng pintuan ng ating buhay. Ano ang bumabara sa pintuan ng ating buhay?
   a. Hindi ko kailangan ang Panginoon. Wala akong kailangan sa buhay.
   b. Wala akong malay na kailangan ko palang maligtas. (Sawimpalad, kahabag-habag, maralita, bulag, at hubad)
   c. Relihiyoso po ako, pero hindi pala ako ligtas. (Ito ang ibigsabihin ng maligamgam)
      - Isusuka kita mula sa aking bibig (v.16)

**IV. Ang Pangako ng Panginoon sa lahat ng mga nagbibigay pansin sa tinig ng Panginoon**:

1. Binubuksan nila ang pintuan ng kanilang buhay. Pinakinggan nila ang pagbabala ng Panginoon.
2. Tinanggal nila ang mga dahilan na bumabara sa pintuan ng kanilang puso.
3. "Ako'y papasok sa kanila" (Juan 1:12). (v.20 Pagsasalo ay larawan ng kaligtasan).

**Katapusan**:

A. Meron po tayong pagkakasama sa Panginoon balang araw sa kanyang muling bagbabalik.
B. Pero, kung hindi ka ligtas, hindi ka makakasama sa Kaharian ng Panginoon.